

1

“Andrea!”

Muntik nang mabitiwan ni Andi ang hawak na wrench nang marinig ang matinis na sigaw ng kanyang nanay-nanayan.

“Andrea, lumabas ka rito!”

Lalo siyang napangiwi. Unti-unti niyang iniurong papasok pa sa ilalim ng ginagawang kotse ang de-gulong na plyboard na hinihigaan niya.

“Anak ng...! Ano ba naman, Luis...”

Boses iyon ni Mang Kadyo, ang may-ari ng talyer.

“Hoy, Kadyo! Ilang ulit ko bang sasabihin sa iyo na ‘Lou’ ang pangalan ko?”

Sa kabila ng inis ay nagawa pa rin nitong itama ang matanda. Bakla ang nanay-nanayan niya. “Lou na kung Lou! Bakit ba tanghaling tapat, nagbubunganga ka na naman diyan?”

“Ilabas mo ang anak ko. Ilabas mo si Andrea!”

“Bakit ko ilalabas, eh, hindi ko naman itinatago ang anak mo?”

“Ah basta...”

Naitirik ni Andi ang dalawang mata habang nakikinig. Mas mabuting magpakita na siya. Nakakahiya kay Mang Kadyo. Pinagulong niya ang plyboard palabas.

“Nay!”

Eksaheradong nahugot nito ang hininga ng kanyang ‘ina’ nang makita ang kanyang hitsura. Kulang na lang ay mahimatay ito nang tumayo siya.

“Susmaryosep! Andrea!” Hindi pa nakuntento, nag-antanda pa ito. Again, she rolled her eyes heavenward.

“Hindi ba’t kabilin-bilinan ko sa iyo na tigilan mo na ang pagmemekaniko? Tingnan mo nga iyang hitsura mo? Hitsura ba iyan ng isang matinong dalaga?”

Hindi na kailangan ni Andi ng salamin para malaman ang hitsura niya. Nanlilimahid sa grasa ang suot niyang t-shirt, puno rin ng grasa at alikabok ang kanyang mga kamay.

“Nay naman, saan ka ba nakakita ng mekanikong walang grasa sa katawan? Kotse ho ang nire-repair ko.”

“At nangangatuwiran ka pa!” Nanlaki ang mga mata nito. Hindi na lamang siya nagsalita. Baka makurot pa siya sa singit. Ang hilig pa naman ng nanay niyang gawin iyon kapag nagagalit. “Halika na! Umuwi na tayo!”

Hinila siya nito sa braso.

“Tekang lang ho, hindi pa tapos ‘yung ginagawa ko!”

“Oo nga naman, Lou. Abay kailangan na ito ng may-ari mamayang alas cinco!” reklamo ni Mang Kadyo.

“Puwes, humanap ka na ng ibang mekaniko na tatapos niyan, dahil iuuwi ko na ang anak ko!”

“Anak ng pating naman!” nanggigigil na bulalas ng kanyang amo.

Tinitigan lamang ito ng matalim ng kanyang ina-inahan at saka tinalikuran. Hinatak siya nito na parang bata palabas ng talyer. Isang kubit-balikat at alanganing ngiti na lamang ang iniwan niya sa matandang lalaki.

Nakalabas na sila at patawid na sana nang biglang matigilan ang Nanay Lou niya. Nag-about face ito at bumalik sa talyer.

“Oh, s’ang kayo pupunta?”

Kinakabahang sinundan niya ito.

“Hoy, Kadyo!” tawag nito sa nakayukong matanda. Inilahad nito ang isang palad. “Nasaan ang sahod ni Andrea?”

“Sahod?” Daig pa nito ang nakarinig ng isang kakaibang lengguwahe na hindi nito maintindihan. “Anong sahod ang pinagsasabi mo?”

Tumaas ang isang perfectly trimmed na kilay ng kanyang Nanay Lou.

“Pambihira! Ni hindi nga natapos ni Andi itong sasakyan dahil kulang na lang eh, kaladkarin mo palabas dito. ‘Tapos ngayon, hihingi ka ng sahod? Ano ka, sinusuwerte?”

“Hoy, Kadyo! Ilang oras din bang nasa ilalim ng kotseng iyan ang anak ko? Hindi man niya natapos, siya naman ang nagsimula. Baka nga nagawa na iyan ni Andi, nagkukunwari ka lang para makalusot!”

“Nay! Tama na ho!” awat niya sa ina-inahan. “Mang Kadyo, pasensya na ho kayo.”

“Ano, magbibigay ka ba o dadalhin pa natin ito kay Kapitan?”

“Nanay!” Tumaas na ang tinig niya.

“Nakuuu.... Kapag minamalas ka nga naman!” Napapalatak na lang ito habang dumudukot ng pera sa bulsa. Isang one-hundred peso bill ang inilapag nito sa palad ni Nanay Lou.

“Isang daan?” Magrereklamo pa sana ito pero kinabig na niya ito palayo.

“Tama na, ‘Nay! Tumahimik na kayo!” Nilingon niya muli si Mang Kadyo. “Pasensya na ho uli.”

“Kuu! Kung di ka lang malakas sa akin, nunca na pagbigyan ko iyang talakera mong nanay.”

“Aba’t...!”

Hinawakan na niya ang ina-inahan na akmang susugod

sanang muli sa matandang may-ari ng talyer.

“Ikaw talagang bata ka...”

Gusto nang pasakan ni Andi ng bulak ang dalawang tainga. Nakapaligo na siya at nakapagbihis na rin ngunit wala pa ring tigil sa kasesermon ang ina-inahan at naririndi na siya. Palakad-lakad ito sa harap ng kama niya habang nagpapahid siya ng lotion. Isa iyon sa luxury na hindi nito iniaalis sa kanya kahit hiras sa pera. Isang beauty buff ang Nanay Lou niya bilang isa itong parlorista.

“Hindi ko maintindihan kung ano’ng napapala mo diyan sa pagmemekaniko mo! Bukod sa narurumihan ka na—”

“Kumikita ako dito, ’Nay. Saka malaking magbigay ng komisyon si Mang Kadyo kapag may naaayos akong sasakyan.”

“Isang daang piso? Malaki na iyon para sa iyo?”

Sa loob ng isip ay bumilang siya ng hanggang sampu.

“Di ho ba, sinundo ninyo ako kaya hindi ko natapos ’yung repair ng kotse? Buti nga nagbigay pa ng sandaan iyong matanda.” She mumbled the last part to herself.

Sandali itong tumahimik. “Ah, basta! Tigilan mo na iyang kalokohan mong iyan.”

“Wala naman hong masama sa ginagawa ko, ah. Marangal

na trabaho ho ang pagmemekaniko.”

“Hindi iyan trabaho ng isang babae! At kahit iyang pag-aayos-ayos mo ng kable ng kuryente...”

Gusto nang dabugan ni Andi ang ina-inahan. Sinabi na nga ba niya at hindi lamang ang pagmemekaniko niya ang pupunahin nito kundi ang pagiging electrician niya paminsan-minsan.

“Nanay naman!”

“Ano’ng nanay naman? Hoy, Andrea, hindi kita inalagaan para lang makita kang gumagawa ng mga trabahong panlalaki! Paano kung may mangyari sa iyo? Paano kung maaksidente ka? Paano kung masira ang katawan mo, ang kutis mo?”

Heto na naman po kami! Frustration na kasi ng nanay niya na isali siya sa isang beauty contest or isang reality talent search. Appearance-wise, siguradong papasa siya dahil maganda siya. At may hubog din ang kanyang katawan. Iyon nga lang, nang magsabog yata ng talento ang Diyos ay natutulog siya kaya wala siyang nasalo kahit isa. Parehong kaliwa ang paa niya, parang iyong sa tino-torture na palaka ang singing voice niya, at lalong wala siyang ‘K’ umarte. Mag-inarte puwede pa! Kaya kahit gustuhin man ng Nanay Lou niya na pag-artistahin siya, wala itong magawa, maliban na lamang kung papayag ang mga organizer na pagpaandar ng sirang kotse o pagkakabit ng circuit breaker ang ipapakita niyang talent.

“Bakit kasi hindi ka na lang humanap ng trabaho na babagay

sa hitsura mo?”

Malungkot siyang nag-iwas ng tingin. “Nay, alam n’yo naman ho kung gaano kahirap maghanap ng maayos na trabaho kapag high school lang ang natapos n’yo.”

Nawalan ito ng imik at lumungkot ang mukha. Mayamaya pa ay humihikbi na ito. “Kasalanan ko!”

“Nanay! Huwag ninyong sabihin iyan.” Na-guilty naman si Andi. Kaya nga ba hangga’t maaari ay ayaw niyang mapupunta sila sa ganitong usapan.

“Kung hindi sana ako nagkasakit, hindi mauubos iyong perang para sa pag-aaral mo.”

Malungkot siyang napabuntong-hininga, tumayo at niyakap ito mula sa likuran. Idinikit niya ang pisngi sa likod nito.

Patapos na siya ng high school nang kailanganin nito ng operasyon sa gall bladder. Ang perang inipon nito para sana sa pagkokolehiyo niya ay naubos lang sa pambayad ng hospital bills. Napilitan tuloy siyang huminto sa pag-aaral.

Iyon din ang isa niyang dahilan kaya kahit anong trabaho ay pinapasok niya. Gusto niyang makaipon upang makabalik sa pag-aaral nang hindi nagiging pabigat dito. Noong una ay naging parlorista din siya, pagkatapos ay masahista sa isang spa, hanggang sa matuto siyang magmekaniko at mag-electrician. Kahit ang pagtitinda ng kwek-kwek at iba pang streetfood ay

kinakarir din niya.

“Mas mahalaga ho sa akin ang buhay n’yo kaysa sa pag-aaral ko. At saka, marami pa naman hong pagkakataon. Hindi naman ho nawawala sa akin ang pangarap na iyon.”

“Kung bakit kasi mahina ang kita namin ngayon sa parlor.”

“Okay lang ho iyon. Hindi naman ho sa lahat ng oras ay gipit tayo. Malay n’yo naman, bukas makalawa, may bumagsak na grasya mula sa langit,” biro niya.

Sa wakas ay napatawa rin niya ito.

“Ikaw talagang bata ka.” Humarap ito sa kanya at sinuklay ng mga daliri ang mahaba’t kulot niyang buhok. Alaga iyon sa hot oil sa parlor na pinapasukan ng kanyang nanay.

“Mabuti na lamang pala at nakita kita noon. Kahit paano, gumagaan ang mga problema ko dahil sa iyo. Nakumpleto mo ang buhay ko, Anak.”

“Nay,” yumakap siya dito, “ako din naman ho. Kung hindi n’yo ako nakita noon, baka kung napaano na ako. Utang ko sa inyo ang buhay ko, ’Nay. At gagawin ko ang lahat para mabigyan kayo ng kahit kaunting ginhawa.”

“Naniniwala ako sa iyo, Andrea. Pero ayoko nang malalaman na gumagawi ka pa sa talyer ni Kadyo, o kahit ang sumama diyan kay Efren.” Ang huli ay ang ka-tropa niyang electrician.

Nanulis ang nguso niya.

“Mangako ka, Andrea Marla!”

Napangiwi siya. Kapag ginamit na nito ang buo niyang pangalan ay isa lang ang ibig sabihin noon: Hindi na siya maaaring kumontra.

“Okay, sige. Pero itutuloy ko pa din ang pagtulong kina Kit. At huwag na rin kayong kokontra!” mabilis na dugtong niya nang aktong magrereklamo pa ito.

“Bahala ka na nga! Ang tigas talaga ng ulo mo.”

She grinned. “Mana lang po ako sa inyo.”

“Mukha nga. Mabuti na lamang at pati ang ganda ko’y namana mo rin.”

They both laughed.

“Kakainis ka naman, Kit! Bakit naman sinabi mo na naman kay Nanay na nasa talyer ako?” sita niya habang tinutulungan ang mag-asawang midget na sina Kit at Kat sa pagtutulak ng rolling store papunta sa plaza kung saan sila pumupuwesto para magtinda.

“Pasensya ka na, Andi. Ayoko sanang sabihin kaya lang, kilala mo naman ang nanay mo,” nagkakamot ng ulong hingi nito ng pasensya.

Kunsabagay. Hindi niya ito masisisi. Sa talas kasi ng dila ng kanyang Nanay Lou, daig pa nito ang isang armalite rifle kapag rumatsada. Kung nakakamatay nga lang ang bawat salita nito, baka wala nang natirang buhay sa barangay nila.

Napailing na lang siya at hindi na kumibo.

Pagdating sa plaza ay inayos muna nila ang rolling store. Sari-saring streetfood ang tinda ng mag-asawa. Sumasahod siya ng mula sa sitenta hanggang sa dalawang daang piso sa isang gabi, depende sa laki ng benta nila.

“Bakit, pinagalitan ka na naman ba?”

“Hmm... sanay na ako kay Nanay. Kaya lang nahihiya ako kay Mang Kadyo saka nanghihinayang din siyempre. Sayang din kaya ’yung kinikita ko sa talyer. Kaso, ayaw na talaga ni Nanay. Kahit nga ’yung sideline namin ni Efren, ayaw na din niya.”

“Problema nga iyan,” sang-ayon nito.

“Kaya nga, eh. Matitigil na naman ang pag-iipon ko. Balak ko pa naman sanang mag-enroll uli sa susunod na pasukan. Kahit technical course lang.”

“Eh, kung magtrabaho ka na lang uli sa parlor?”

“Kat,” baling niya sa maliit na babaeng katabi. “Ilan na sina Nanay d’un. Halos mag-agawan na nga sila sa customer ’tapos makikiagaw pa ako? At saka, magkano lang naman ang kita sa parlor.”

“Oo nga ano. Hindi ka na rin nga pala puwedeng bumalik d’un sa spa. Mahirap na baka mapahamak ka pa.”

Dati rin kasi siyang masahista sa isang spa. Okay na sana dahil marami na siyang suking customers. Ang problema nga lang, nang minsang i-service niya iyong isang regular na niyang customer na lalaki, akalain ba niyang hipuan siya nito. Kaagad siyang nagsumbong sa may-ari, pero siya pa ang pinagalitan kaya napilitan siyang mag-resign. Hindi dahil natatakot siya. Nangangamba lang siya na hindi niya mapigilan ang sariling manapak ng kapwa kapag naulit pa ang pambabastos sa kanya.

“Mabuti na lang at hindi ka niya pinigilang sumama sa amin?” untag ni Kit.

“Hindi naman.”

“Masyado kasing protective sa iyo iyang nanay mo. Pero hayaan mo na. Maghanap ka na lang ulit ng ibang trabaho.”

“Iyon na nga lang din ang iniisip ko, Kat. Kaya lang...”

Sa araw-araw na paghiram niya ng diyaryo para maghanap sa classified ads, wala pa rin siyang makita na umaayon sa credentials niya. Kung hindi college graduate, iyon man lang nakatuntong sa kolehiyo ang hinahanap ng mga kompanya. Puwede sana siya sa *EPZA* o *Export Processing Zones Authority*. Kaya lang ay over-age na siya sa edad na beinte seis. Maaari rin siyang maid, kaso tiyak na magwawala na ang nanay niya kapag nalaman nitong iyon ang a-apply-an niya.

Romancing Dylan - Doreen Laroya

Malalim siyang napabuntong-hininga.